# Spa at massage parlor sa QC na may extra service, binalaan ni Mayor Joy



*Mayor Joy Belmonte*

Binalaan ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang alinmang spa at massage parlor owners na mahaharap sa kaparusahan sa oras na mapatunayang ang kanilang establisimiyento ay nag-aalok ng extra service.

Ito ay ginawa ni Belmonte bilang bahagi ng kampanya laban sa human trafficking, sexual exploitation at pagkalat ng sexually transmitted diseases tulad ng HIV.

Isa ang QC sa may mataas na kaso ng HIV kaya't patuloy ang kampanya ng lokal na pamahalaan para mapigilan ang pagdami ng sakit. Patuloy namang kinakanlong ng lungsod ang mga may sakit na HIV hindi lamang taga-QC pati mula sa ibang lugar.

"Iniutos ko ang pinaigting na kampanya laban sa mga spa na nag-aalok ng extra service sa ating lungsod upang matuldukan na ang ganitong kalakaran," pahayag ni Belmonte.

Una nang nakahuli ang composite team ng QC Hall at QC police ng tatlong massage therapist ng Epitome Z Spa sa Brgy. West Kamias na nag-aalok ng "extra service" sa mga bakla.

Ang spa ay sinalakay nang makatanggap ng tawag ang PNP Hotline hinggil sa modus ng naturang spa.

Nagkunwaring kliyente ng spa ang isang pulis at dito nahuli ang 14 katao kabilang ang naturang mga therapist na walang working permit. Ang naturang spa ay wala ring business permit mula sa QC hall.

Sinasabing ang 2 nahuling therapists nang suriin ay positibo sa hepatitis B at syphilis at ang ikatlong therapist ay kinukumpirma kung may HIV. *(Angie dela Cruz)*